

23. Panginoon, bigyan Mo ng kapayapaan, lakas at probisyon ang mga kababaihan sa Nepal na sumusunod kay Hesus. Ang ilan ay pinag-uusig o pinaalis sa kanilang mga tahanan ng asawang hindi mananampalataya. (1 Pet. 3:14)

24. Panginoon, suportahan at aliwin Mo ang mga Pilipinong ina na mag-isang nagsusumikap upang matustusan ang mga pangangailangan ng kanilang mga anak. Bigyan Mo sila ng karunungan upang disiplinahin at gabayan ang kanilang mga anak. (Isa. 41:10)

25. Panginoon, dalangin namin na aliwin Mo ang mga pamilyang nahiwalay sa isa't isa noong nahati ang Korea. Mangyaring gumawa Ka ng mga paraan upang sila ay muling magkita-kita, sa personal man o sa pamamagitan ng mga liham. (2 Cor. 13:11)

26. Panginoon, bigyan Mo ng pagnanais na magkaroon ng matatag na buhay sa panalangin ang mga kababaihan sa India. Salamat at napakarami ang lumahok sa TWR Women of Hope *prayer network* sa panahon ng pandemya. (Eph. 6:18)

27. Ama, palaguin Mo ang pananampalataya ng mga kababaihan sa Cambodia habang natututo silang yakapin ang lyong pagmamahal at umasa sa Iyo. (Heb. 11:6)

28. Panginoon, nawa'y makalikom ng pondo sa loob ng Indonesia upang ang follow-up team ng ministry ay makabuo ng magandang relasyon sa mga tagapakinig. Ang mga tagapakinig nawa ay matulungang lumago sa pananampalataya at kaalaman sa Iyo. (2 Thess. 1:3)

29. Panginoon, dalangin namin ang lyong pagpapagaling at pagpapanumbalik sa maraming kababaihan at batang babae na ibinibenta sa China. Magtalaga Ka ng mga matuwid na pinuno upang wakasan ang

30. Panginoon, palakasin Mo ang mga mahihirap na inang Vietnamese na may mga maliliit na anak habang gumagawa sila ng mga gawaing-bahay, nag-aalaga at nagluluto habang nangangailangang magtrabaho sa labas ng tahanan upang mabuhay ang kanilang mga pamilya. (Isa. 40:31)

31. Ama, Ikaw sana ang asahan para sa kalakasan at karunungan ng mga inang Mongolian na mag-isang nagpapalaki ng mga anak. Himukin Mo sila na ilatag ang kanilang mga pasanin at hanapin ang kanilang pag-asa sa Iyo. (Ps. 55:22)

후원안내
국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송
최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2022. 08

panalangin para sa mga babaeng asyano

Ang Indonesia ay isa sa 50 mga bansa kung saan napakahirapmaging tagasunod ni Jesus. Ang pagsasahimpapawid ng programang Women of Hope ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga tagapakainig upang mapakinggan ng ligtas ang Salita ng Diyos. Ipanalangin natin ang mga kababaihan sa India na nalilihis ng landas dahil sa mga pamahin, ang mga kababaihan sa Nepal na nagdurusa dahil sa sapilitang prostitusyon, panggagahasa at pag-aasawa ng higit sa isa, ang mga kababaihan sa liblib na lugar ng Pilipinas na nagdurusa dahil sa karahasan at kahirapang pangekonomiya at sa mga kababaihan sa Cambodia na dumaranas ng kahirapan dahil sa karahasan, kawalan ng edukasyon at trabaho.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, putulin Mo ang kawalan ng pananampalataya na nagsilbing tanikala at pumipigil sa mga Hapones. Nawa ay ipangaral ng mga simbahan doon ng buong tapang ang Iyong ebanghelyo, at nawa'y kumilos ang Banal na Espiritu sa puso ng mga tao para sa muling pagkabuhay at kaligtasan. (Isa. 55:6-7)
2. Nagkakaisa kami sa panalangin, Panginoon, hinihiling sa Iyo na pagkalooban Mo ng FM *station* ang bawat distrito ng Nepal para maisahimpapawid ang *Women of Hope programs*. (Phil. 4:9)
3. Panginoon, tinawag mo kaming mga kababaihan bilang Iyong mga anak upang sambahin at paglingkuran Ka. Magtalaga Ka ng mga kababaihang makadiyos na maglilingkod sa Iyong pangalan. (Ps. 100:2)
4. Amang nasa langit, dalangin namin na ipadala mo ang napili mong kababaihan na manguna sa ministeryo ng TWR Women of Hope para sa Mongolia, China, Taiwan at Hong Kong. (Jer. 6:8)
5. Banal na Diyos, kumilos Ka sa buhay at sa pamamagitan ng buhay ng bawat manunulat, nagtatanghal at nag-aambag para sa TWR Women of Hope sa India. Gamitin Mo ang kanilang mga kaloob at talento para akayin ang mga babae tungo kay Hesus. (1 Pet. 4:10)
6. Panginoon, protektahan Mo ang mga kabataang Cambodian mula sa mga tao na maaaring gumamit sa kanila upang magbenta ng droga. Nawa'y maunawaan ng mga estudyantang ito na sisirain lang ng droga ang kanilang isipan at kinabukasan; sa halip ay tulungan Mo silang piliin ang kanilang pag-aaral. (2 Thess. 3:3)
7. Nagkaroon ng pagtaas sa bilang ng mga pisikal, mental at sekswal na karahasan sa mga kababaihan sa Indonesia sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Ama, hayaan Mo na ang mga kababaihang ito ay makahanap ng kaligtasan, kagalingan at pag-asa sa Iyo. (2 Cor. 9:8)

8. Pinupuri ka namin, Panginoon, dahil sa ang programang Women of Hope sa Mandarin ay napapakinggan sa shortwave at sa digital na radyo. Nawa'y maraming mga Chinese ang makinig sa mga programang ito at ilagay ang kanilang pananampalataya at pag-asa kay Hesus. (1 Cor. 15:3)

9. Panginoon, protektahan at bigyan Mo ng kagalingan ang 1 sa 3 babaeng Vietnamese na nakaranas ng pisikal, mental o sekswal na karahasan sa kamay ng kanilang asawa. (Ps. 107:19-21)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Panginoon, dalangin namin na bigyan Mo ng lakas at determinasyon ang mga kababaihan sa Singapore habang pinipilit nilang gampanan ang kanilang mga responsibilidad sa trabaho at pamilya. (Ps. 28:7)

11. Ama, wasakin mo ang alkoholismo sa Mongolia. Nawa'y mapalaya mula dito ang mga nalulong sa alak at makahanap ng trabaho upang maitaguyod ang kanilang pamilya. (Ps. 107:14)

12. Ama, protektahan Mo ang mga batang Hapones mula sa takot at paghihiwalay sa panahon ng pandemya ng COVID. Mangyaring ilayo sila sa karamdaman at magdala Ka ng mga tao na magbahagi ng ebanghelyo sa kanila. (Ps. 91:6)

13. Panginoon, habang ang TWR Women of Hope Nepal ay nagbibigay ng pagsasanay sa pagbasa, nawa'y ang mga kalahok ay matutong magbasa ng Bibliya, magsulat at magbigay ng kanilang mga lagda para sa mga account sa banko. (Rom. 3:12)

14. Ama, ikaw ang aming manggagamot! Pagalingin Mo ang mga sugat sa puso ng kababaihang Pilipino na nakaranas ng karahasan. Nawa'y sila ay pahalagahan, igalang at maibalik sa loob ng kanilang mga komunidad. (Ps. 51:17)

15. Panginoon, ipinagdarasal namin ang 25,000 na

kababaihan na lumisan patungong Timog mula sa Hilagang Korea. Nawa'y ang mga patakaran ng gobyerno at ang mga mananampalataya ay makatulong sa mga kababaihang ito. (Ps. 146:9)

16. Ama, baguhin Mo ang buhay ng mga kababaihan sa kanilang panood ng mga programang Women of Hope sa TV sa mga wikang Oriya, Gujarati at Tamil simula Abril 2022. (2 Cor. 3:18)

17. Panginoon, mangyaring palakihin Mo ang TWR Women of Hope ministry sa Cambodia. Nawa'y makilala at sundan Ka ng maraming kababaihan sa pamamagitan ng mga programa at ministeryong ito. (Ps. 25:5)

18. Ang mga kababaihan sa Indonesia ay nabubuhay sa kahirapan, kulang sila ng pondo para sa tamang pangangalagang pangkalusugan. Marami ang may malubhang problema sa kalusugan tulad ng cervical at breast cancer. Panginoon, bigyan Mo ng panustos at gamutin Mo ang mga nagdurusa. (Jer. 17:14)

19. Ama, idinadalangin namin na sa pagtatapos ng one-child policy sa China, ang mga aborsyon at infanticide lalo na sa mga batang babae ay tumigil na. (Ps. 139:13-16)

20. Maraming mahihirap na batang Vietnamese ang huminto sa pag-aaral upang kumita para sa kanilang mga pamilya. Nawa'y ang mga batang ito ay masuportahan at makatanggap ng magandang edukasyon. (Ps. 107:9)

21. Ama sa langit, idinadalangin namin na ang mga babaeng Hapones na nagdadalang-tao o nagpapalaki ng mga anak ay makatanggap ng suportang kailangan nila mula sa kanilang mga pamilya at gobyerno ngunit sana ay marinig at tanggapin din nila ang ebanghelyo. (Ps. 71:6)

22. Maraming babaeng Mongolian ang umalis sa kanilang mga tahanan upang maghanap ng trabaho sa mga lungsod. Panginoon, bigyan Mo ng magandang trabaho ang mga babaeng ito at protektahan Mo sila mula sa kapahamakang maaaring idulot ng kanilang amo. (Ps. 23)